Reiwa 7 Marso ,2025

# Mga Panuntunan sa Paggamit ng Device

(Nirepaso noong Marso 2020)

Himeji City Board of Education

Ang mga device ay mga kagamitang makatutulong sa iyong pag-aaral. Mahalagang gamitin nang maayos ang device para lalong maunawaan ang nilalaman ng iyong mga aralin at lumawak pa ang iyong kaalaman. Ito ay kapaki-pakinabang subalit may mga bagay na dapat mong pag-ingatan para magamit mo ito nang husto.

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga panuntunan sa paggamit ng device (kasama na rito ang touch pens) na ibinigay ng lungsod ng Himeji sa paaralan at tahanan. Mangyaring sundin ang mga patakaran sa paggamit.

Kapag gumagamit ng mga personal na kagamitan (sa bahay) gaya ng smartphone, siguraduhing gamitin ang mga ito sa maayos na paraan, panatilihin ang etika (tuntunin ng moralidad) at seguridad ng impormasyon.

## 1 Tungkol sa Pangunahing Paggamit

(1) Gamitin ang aparato sa pag-aaral.
(Ito ay inilaan ng lungsod ng Himeji para gamitin ninyo sa pag-aaral)

(2) Isara ang screen kapag hindi ito ginagamit o kapag dinadala.

(3) Huwag gamitan ng lapis, sulatan o ilapit ang magnet dito.

(4) Huwag tumakbo habang hawak ito o ilapag sa lupa.

(5) Huwag masyadong diinan ang paggamit ng touch pen o pindutin ang screen nang malakas kapag ginagamit ito.

(6) Pagkatapos gamitin ang touch pen, siguraduhing ibalik sa lagayan para ma-charge ito.

(7) Mag-ingat na huwag itong iwala, ihulog o mabasa.

(8) Unawain na sa paggamit ng device, maaaring suriin ng Board of Education o ng paaralan ang kasaysayan ng iyong paggamit (usage history) kung kinakailangan para masiguro na ginagamit mo ito nang ligtas at masiguro na sinusunod mo ang mga “Panuntunan sa Paggamit “.

(9) Kung nabigo kang sundin ang “Mga Tuntunin sa Paggamit ng Device”, maaaring hindi ka na pagamitin nito.

## 2 Tungkol sa Malusog na Paggamit

(1) Kapag ginagamit ang aparato, huwag masyadong lumapit sa screen

(2) Ipahinga ang iyong mga mata paminsan-minsan sa pamamagitan ng pagtingin sa

malayong tanawin bawat 30 minutos.

(3) Gamitin ito sa tamang postura upang maiwasan ang pananakit ng leeg at balikat.

(4) Huwag gamitin nang matagal.

3 Ukol sa Moral ng Impormasyon (Kaaya-ayang paggamit)

(1) Hindi ako magpo-post ng anumang bagay na makakasama at makakasakit sa sinuman.

(2) Huwag ipaalam ang sariling impormasyon at impormasyon ng ibang tao (tulad ng pangalan, numero ng telepono at lugar ng tinitirahan) sa Internet.

(3) Huwag bumisita sa mga hindi kaaya-ayang website o mag-post ng hindi naaangkop sa Internet.

(4) Kapag nagre-record ng mga larawan, video, audio at iba pa, humingi ng pahintulot sa kabilang partido.

(5) Igalang ang mga gawa at pagpapahayag ng iba at humingi ng pahintulot kung nais gamitin ito.

(6) Kung makakita ka ng hindi nararapat, kumunsulta sa nakatatanda (guro o kasambahay)

4 Ukol sa seguridad ng Impormasyon (Ligtas na paggamit)

(1) Ingatan ang mail address at password. Huwag ipaalam sa iba.

(2) Huwag ipagtanong o gamitin ang mail address at password ng iba.

5 Sakaling Masira o Mawala ang device

(1) Kapag nasira, hindi gumagana o nawala ang device, agad na ipaalam ito sa iyong guro.

(2) Kung alam mo na ito ay masisira(sinasadya) at ito nga ay nasira dahil sa magaspang na paggamit, pababayaran ito sa iyong magulang.

6 Ukol sa Paggamit ng Device sa Tahanan

(1) Mabuting kausapin ang kapamilya at magtakda tungkol sa oras ng paggamit nito.

(2) Huwag gamitin bago matulog.

(3) Huwag ipagamit sa ibang tao ang iyong device.

(4) Sa bahay, gamitin ito na nakikita ng iyong kapamilya.

(5) Huwag ilagay sa ilalim ng mabigat na bagay, sa lugar na mahuhulog o sa lapag.

(6) Huwag basain, huwag gamitin sa lugar na mahalumigmig. Huwag hayaang masinagan ng araw at huwag gamitin na malapit sa stove.

(7) Kung masira, ayaw gumana at nawawala ang iyong device, ipaalam agad sa paaralan.

(8) Sagot ng iyong magulang ang gastusin sa koneksyon at elektrisidad sa paggamit ng device.

(9) Kapag nawala ang device na iyong inuwi, pababayaran ito sa iyong magulang.